WILLIE "CEO LANG AKO" CRUZ META, DOOMSCROLLING, AND SOCIAL MARKETING SOLUTIONS

Amado Anthony Mendoza III
agmendoza2@up.edu.ph
ASAFAS, Kyoto University
University of the Philippines Diliman

About the Author

Amado Anthony G. Mendoza III is an assistant professor of literature and creative writing at the UP Diliman. He is also a PhD student at the Graduate School of Asian and African Area Studies, Kyoto University. His creative works have appeared in *The Dial, World Literature Today*, and *Asian Books Blog.* He is the co-editor of *Ulirat: Best Contemporary Stories in Translation from the Philippines* (Gaudy Boy, 2021) and *Destination: SEA 2050 A.D.* (Penguin SEA, 2022). His translated collection of Eka Kurniawan's fiction, *Mga Himutok sa Palikuran* (Savage Mind, 2021), was named Best Translated Book in the 40th National Book Awards.

© Ateneo de Manila University

GRINDSET MINDSET STORY PARA SA MGA CEO #42069

May natanggap akong message kahapon tungkol sa bagong raket. Content creation ulit. Sa FB at IG. Dating gawi. Gagawa ng page na may content na super relatable at madaling mag-viral. Tukoy din ang audience para madaling i-convert sa panibagong page or account kapag oras na ng bentahan. Sa lahat ng mga raket ko sa socmed, ito na yata ang pinakagamay ko. Normally, sa loob ng isa hanggang tatlong buwan, kaya kong mapaabot from zero to 900,000 likes ang isang Facebook page. Samantala, sa Instagram, kaya kong mag-produce ng 200,000 organic followers sa loob ng dalawang buwan. Sa YouTube naman, na may pinakawalang kuwentang algorithim sa lahat, kaya ko ang 250,000 active subscribers sa loob ng apat na buwan. In other words, ika nga ni Ronnie Coleman, lighweight lang ang ganitong raket sa akin. Easy money. Naalala ko tuloy 'yung huling project ko para sa isang has-been na politiko. Dating gobernador sa isang dugyot na probinsyang di ko na babanggitin dahil mapikon ang ilang snowflake kong haters. Si Boss Bobbot (oo, dalawang "b"). Dalawang magkasunod na eleksyon siyang naolats dahil itinumba ng incumbent ang esmi at panganay niya. Ayun, medyo dinaga kaya nagpalamig muna. Nang makalikom ng pondo at suporta mula sa mga naatraso ding mga opisyal, sumubok na kumambak. Ayun, ako ang tumira ng PR at strat niya sa kampanya. Ako ang humawak ng socmed accounts niya. Pinaalala ko sa kanya na sa internet na nabubuhay ang mga tao ngayon. Kahit na pakiramdam ko hindi niya naintindihan ang pinupunto ko, nagpaubaya naman siya sa mga plano ko. At para walang makapagsabi na hindi sulit ang binayad niya sa akin, ako na rin ang gumawa ng pages na babatikos sa kalaban niya. At siyempre, para talagang maaabot pati 'yung mga hindi tambay ng internet, ginawan ko siya ng jingle na pangmalakasan. Dalawa pa nga yung ginawa ko. 'Yung una nasa tono ng hit na "Wala na bang Pag-ibig" ni Jaya. Naaalala ko pa 'yung nanunumbat na chorus ng jingle: *Wala na bang pag-asa ang San Isidro/ ba't di muling magtiwala/ kay Bobbot na nagsisilbing walang hanggan/ paano kaya ang bukas ng lahat?* O di ba napakanta kayo? Aminin. Yung pangalawa naman ay hango sa g na g na diss track ng Dongalo, yung "Babala." Obviously, hindi 'yon natripan ni Boss Bobbot. Masakit daw kasi sa tenga at pihadong mga batang hindi pa pwedeng bumoto lang ang makakasakay gan'ung tunog at bagsakan. Bukod du'n, ayaw din ni Boss Bobbot na magmukhang naghahanap ng away. Iba raw ang mensaheng gusto niyang dalhin. Di na raw siya para pa labanan ng pulbura sa pulbura ang incumbent. Kahit na alam kong sa loob niya, sa tuwing naiiwan siya katabi ang sarili niyang mga multo sa gabi, ay gustong-gusto niyang gumanti. Na kung puwede lang ay ipararatrat niya sa kung sinong pusakal o mersenaryo ang dumali sa esmi niya. Pero gets ko naman. At tama naman siya dahil ang mensahe nga niya tungkol sa pagtitiwala at pag-asa ang muling nagluklok sa kaniya sa puwesto. Pero siyempre, nanghinayang ako. Ang ganda kasi talaga nung pangalawang jingle na ginawa ko. Pero wala e. Ganun lang talaga. Minsan, yung mga inaakala mong masterpiece, yung mga bagay na akala

© Ateneo de Manila University

mong papatok sa panlasa ng madla, ay ayun… akala mo lang talaga maganda. Na ang totoo, sariling trip mo lang 'yun na pilit mong isinusubo sa kanila. Hype na buhay 'to. Ba't bigla akong dumadrama dito? Anyway, ayun, tungkol ulit sa raket na natanggap ko. May tatlo akong naiisip. Una, gumawa ng page tungkol sa mga kulangot na ipinahid sa pader, pilantod na upuan sa klasrum, mesa sa opisina, uluhan ng upuan sa bus, likod ng kaklase o sa kapaplantsa lang na polo ng mabokang kaopisina, at sa kung saan pang hayop-mineral-pook na pwedeng pagpahiran nito. Siyempre, para magkaroon ito ng "content-like" features, kailangan off-tangent o off-kilter ang caption na kasama ng picture. Exhibit A: Photo: Kulangot na ipinahid sa pader ng banyo sa terminal ng JAC Liner; Caption: " Nakaka-proud talaga kapag natutustusan mo na ang pangangailangan ng family mo." Exhibit B: Photo: Kulangot na may kaunting damay na sipon na ipinahid sa puting-puting polo ng kaklase; Caption: "Kanino ka lang? Sa 'yo lang." O Exhibit C: Photo: Kulangot na binilot para maging sinlaki ng bola-bola na sinasahog sa patola at misua; Caption: "Huwag mo hayaang hilahin ka nila pababa. Turuan mo silang hilahin ang sarili nila pataas." Patok ang ganito sa mga Pinoy, lalo na sa mga pinalaki at tinuruan maging tao ng internet. Saktong witty at saktong mababaw kasi. Sapat lang para mapaisip nang kaunti ang tumitingin, pero may sapat na kababawan din para di masyadong seryosohin. Alam kong may mga magsasabi na kabobohan at katangahan itong ginagawa ko. O na lalo lang akong nag-aambag sa lumalalang kamangmangan ng mga Pilipino. Sa isang banda, gets ko 'yung ganuong sentimyento. Talaga namang nakakabobo 'tong ginagawa ko. Bukod sa mura at panandaliang halakhak, wala naman nang ibang maaasahan ang tao sa mga pinapuputok kong pages, channels, o platforms. Pero sa kabilang banda, wala e. Ganun talaga. Kaiba sa naive na paniniwala ng marami, hindi naman inimbento ang internet para lutasin ang mga problema ng mundo. Kaya ayoko na rin konsensyahin ang sarili ko. Tapos na ako du'n. Di ko na kasalanan kung maraming tumatangkilik sa content ko. Trabaho lang naman 'to. Wala naman akong inilalako at ipinopromote na prinsipyo o paninindigan. Hindi na ako para ikompromiso pa ang natitira kong sanity. Nakakagutom maging tama. Nakakabaliw maging nasa panig na katotohanan. Nakakapagod lumaban para sa katarungan. Mas maigi nang maging makasarili dahil 'yun ang makatotohanan. Dahil 'yun ang realistiko at praktikal. Dahil 'yun ang tanggap at pinahihintulutan ng lipunan. Dahil 'yun ang ginagawa ng marami. Dahil yun ang inaasahan ng lahat. Dahil 'yun ang katotohanang kaya kong tanggapin para makatulog ako sa gabi. Dahil 'yun ang dahilan kung bakit kaya ko pa ring titigan ang sarili sa salamin. Maigi nang makasarili kaysa mabigong iligtas ang sangkatauhan sa sarili nitong kahibangan.

© Ateneo de Manila University

Real talk lang, mga ka-CEO. Real talk.

#realtalk

#satotoolang

#hustlengrind24/7

#tiwalalangsataas

#workhardpartyharder

#ceoliferichmanproblems

****

MENSAHE SA MGA TUNAY NA SOYARMY

May kailangan kayong malaman, mga soy. Sobrang importante. Simple lang 'to, minsan n'yo lang maririnig rekta galing sa akin: WALA KAYONG MAPAPALA, MGA SOY, SA PAGPATOL SA MGA SINGLE MOTHER. As in wala. Nganga kung nganga. Yan 'yung mga eabab na pinagsawaan na ng iba. Isipin mo 'yun, soy. Para kang kumain ng pagpag nun. Alam n'yo ba 'yung pagpag? 'Yung pinagsama-samang tira-tira na mukhang kaning-baboy? Ha ha ha! 'Pag nagsama kayo tas bigla kang namatay, hahanap agad yan ng ibang titira sa kanya. At baka habang binibira siya ng bago niyang King, soy, e baka pinag-uusapan ka nila. Baka sabihin pa nung chick na wala kang galaw sa kama. Na mabilis kang labasan. Tapos, takte, baka sabihin pa n'yang juts ka. Ang kati nu'n, soy. Sila rin yung mga eabab na inoobliga 'yung mga karelasyon nilang kainin 'yung bisaklat nilang puday. Tandaan n'yo, mga soy, galawang beta male ang pagkain ng pussy. Isipin mo 'yun, imbis na kumakaldag

© Ateneo de Manila University

ka like a villain, pinapahigop ka ng maasim na parang panis na sabaw ng balut? Tandaan n'yo, mga soy, the downfall of a King begins once He settles for a bootleg bitch from the streets. Wag ganun. Alam n'yo ang lagi kong payo, mga soy. Go for a chick that knows how to listen. Go for a chick who won't get in the way of your dreams. 'Yang mga single mother na 'yan…ekis yan, mga soy. Imbis na magkaroon ka ng opportunity na magpayaman, ikaw pa sasalo ng mga problema niya. Ganado 'yan pag kelangan maglabas ng pera. Pero pag may mga gusto kang gawin para magkapera, siguradong tatalakan ka niyan. At magalet na kung sinong gustong magalet sa 'kin, lalo na 'yung mga woking inang independent women na 'yan, pero wala akong pake. Get your fucking woke shit outta here! Kung gusto nila, magtulong-tulong pa sila. Totnakin ko pa silang lahat buong magdamag e. Kung gusto pa nila, pwede rin nila 'kong kasuhan. Di ako takot. Mas mapera ako sa kanila. Paldo na ako since 2016 mga par. Kung mauuwi sa demandahan, sige, g ako. Basta sigurado akong makapal ang stacks ko. At walang pakialam ang korte sa hurt feelings ng mga eabab. Ha-ha-ha. Sigurado akong mamaya e putok na putok na naman ang comment thread ng page ko dahil sa pagngawa ng mga simp at white knight. Mga ekalal na hindi kayang magpaka-ekalal kaya kumampi na lang sa mga eabab. Pwe. Magsama kayong mga binabae at may sabit. Mga soy, inuulit ko, wag na wag kayong papatol sa mga single mother. Naanakan na 'yan ng ibang King. Kapag sinalba mo 'yan, e 'di anong tawag sa 'yo? Payaso!

#soyarmy

#iwaspusoy

#wagmaysabit

#alphaking

#letsmakesomedough

#ambisyonangsolusyon

****

© Ateneo de Manila University

i used to be a fan, now i'm an air conditioner. i used to be a yawa, now i'm konnichiyawaka. I used to be happy, now i'm colgate. i used to be high, now malapit na akong matokhang. I used to be pogi, now mas lalong pumogi. i used to be poor, now member na 'ko ng Frontrow. I used to talk smooth, ngayon nag-e-endorse na ako ng sugal sa Facebook.

****

Down with class war! No war, but gender war (uh-huh). Aanhin mo ang workers na well-compensated kung nakaka-catcall pa rin ang babae at dinidiscriminate pa rin kaming mga accla? Fuck tactical alliance. All it does is to give opportunists a platform and space to collude with trapos and fascist chauvunist pigs! The only alliance I believe is intersectionality! Wut did you just say? Bakahin ang liberalismo? Wth is liberalismo anyway? Baka dapat ang binbaka ay ang main character syndrome.

****

Nakakalungkot pala 'pag wala ka man lang natanggap na pakimkim mula sa ninong-ninang ng anak mo. Kahit simpleng 500 wala. Kahit simpleng Hammerhead para kay Rhonjay wala. O kaya Labubu sana para kay Jhoana. Tas 'pag naman nag-pm ka, andaming paliwanag. Kesyo busy daw dahil pasko. Kesyo short daw kasi medyo pandiinan ang noche buena E tang ina pala. Kaya nga may pasko para makapagpahinga e. Kaya nga may bonus para may aguinaldo sa inaanak e. Sino bang nagsabi na magpaka-busy kayo at kalimutan mga inaanak n'yo!? Sino bang me

© Ateneo de Manila University

pake sa steak na handa kung estapeging may kondensada naman ang trip ng buong pamilya? Mga estafa! Mga bogo! Tas 'tong mga ninong-ninang na iniestafa ang mga inaanak, napansin ko lang ha, todo tanggol kina Carlos Yulo at Goldilocks. Ngayon, gets ko na kumbaket. Tulad ni Yulo, ayaw nila ng responsibilidad. Gusto nilang matawag na ninong o ninang, pero ayaw nilang magpaka-ninong at magpaka-ninang. Sa mga nagtatagong ninong at ninang ng mga anak ko, kilala n'yo kung sino kayo. Madali akong kausap. Di ako humihingi ng malaki. 'Yung nararapat lang para sa mga anak ko na mga inaanak n'yo. Di n'yo ikahihirap ang pagiging responsableng ninong-ninang.

****

GRINDSET MINDSET STORY PARA SA MGA CEO #42070

Mabilis lang 'to, mga ka-CEO. Para matapos na.

Para sa mga nagsasabing takot akong makipagpayamanan kina Makagago, Bugoy na Kinulokoy, at Boy Kangkong Chips, sige taena, pagbibigyan ko na kayo. Mamaya, 5 PM, sa event ng mga content creator sa SMX, magdadala ako ng 100M cold cash. Wala nang urungan to, ha? Seryosohan na. Ang di sumipot pulubeng duwag. Mga kain tae. May sinasabi pa kayong I'm just beefing for clout ha. I'm beefing with them m'fers dahil mga fake ass madapakers sila. May "you wish, you wish" pang nalalaman tong Bugoy na Kinulokoy,ha. Yeah right. He wishes na may 100M siya tulad ko. Hanggang Bangkok lang kayo ng mga mukhang longkatut mong syota.

© Ateneo de Manila University

Yung stacks ko kaya kong dalhin hanggang kabilang dulo ng globo, tagos pa. Ngayon pa lang take the L, mga kupal. Ngayon pa lang, lumuhod na kayo sa tunay na CEO. Baka basbasan ko pa kayo.

Real talk lang, mga ka-CEO. Real talk.

#club100Mmfers
#mayamanlangangpwede
#realtalk

****

Sa mga dating todo-suporta na ka-freshness na mga inggiterang mosang na ngayon…'Yung mga nagkakalat ng isyu na kesyo madamot na raw akiz. Kesyo wala raw akong utang loob kasi nakaluwag-luwag na akiz. Kala mo talaga me ambag sa buhay ko e. Accla amanakayo. Kala mo talaga sila nagpapakain sa pamilya ko e no? Pero di na ako para maging bitter pa. Kakacelebrate ko lang ng 25th birthday ko last week. At dahil 25 years na akiz na mayaman at maganda, hayaan n'yong bigyan ko kayong mga ka-freshness ko ng advice para naman maachib n'yo na ang matagal n'yo ng pangarap na financial stability. At dahil 25 na akiz, meron din akong 25 na ebas. Wala na kayong talo dito mga ka-freshness. Ewan ko na lang kung di pa kayo yumaman at maging successful.

1. Daig ng maganda ang lahat. Period.

2. Kapag yumaman ka, negosyo ang tawag du'n. Kapag naloko ka, kasalanan mo 'yun.

3. Kapag yumaman ang isa, angat tayong lahat. Kapag naghirap ang isa, umeskapo ka na.

4. Manloko kung maraming gustong magpaloko. Karapatan din ang maging uto-uto. At lalong karapatan din ang mang-uto.

© Ateneo de Manila University

5. Pwede ka lang magreklamo kung ikaw ang nagplano.

6. Kung may asawa kang may magandang trabaho, pera niya ang gastahin mo.

7. Lahat ng bagay, ultimo 'yang naglalangis mong singit, pwedeng pagkakitaan.

8. Kung gusto mong yumaman, makipagkaibigan ka sa mga walang-wala. Sila ang gagawa ng trabaho para sa 'yo.

9. Huwag magtiwala sa mga nakapag-aral na laging pinupuna ang gobyerno. Walang laman ang bank account ng mga 'yun.

10. Pumatol sa kapatol-patol kung may income na mahihita. Kung walang mahihitang income, ibig sabihin ikaw ang gustong gawing income.

11. Ang kita ay kita. Ang pera ay pera. Walang moralidad ang mga ito.

12. Kapag may ka-date ka, tanungin mo agad kung ilan ang bank account nila. Kapag walang maisagot, umeskapo ka na.

13. Hangga't maaari, gawing transaksiyonal ang lahat ng iyong relasyon.

14. Iwasan ang milk tea katulad ng pag-iwas mo sa mga taong toxic at puro negative thoughts sa katawan.

15. Uminom ng walong basong tubig araw-araw para ma-maximize ang iyong earning potential.

16. I-convert bilang NFT ang lahat ng mahahalagang pangyayari o okasyon sa iyong buhay. Mabenta ang mga 'yan sa mayayamang walang mapaglustayan ng pera.

17. Mag-invest sa virtual real estate. Bumili ng social media pages at sites ng mga celebrity na tinatangkilik ng masa. Flexible investments ang mga ito.

18. Magkaroon ng kaibigan mula sa isang think tank o polling firm.

19. Magkaroon ng kaibigang politiko. Pero maging mapili ka.

20. Pwede mo namang asahan ang sarili mo para umangat ka. Pero mas madali at mabilis kang yayaman kung aasa ka sa iba.

© Ateneo de Manila University

21. Pwede mong sabihin ang kahit na ano, punahin ang sinoman, at gawin ang lahat basta may pera ka.

22. Nabibili ng pera ang kaligayahan. Isa pa: nabibili ng pera ang kaligayahan.

23. Kung may kaibigan o kapamilya kang walang interes sa negosyo, iwan mo.

24. Walang taong mahirap na marangal. Wala ring taong mayaman na marangal. Walang lugar ang dangal sa mundo.

25. Huwag hayaang itakda ng iba ang iyong kapalaran.

Marami pa sana akiz gustong ibigay na advice. Pero naalala kong may mga mosang nga palang nakasubaybay sa bawat galaw ko. Punta na lang kayo sa comments section at i-click ang link sa Patreon account ko para ma-access ang full content. Babush mga ka-freshness.

#satotoolang

#cezyqueen

#kafreshness

#financialliteracy

#financialfreedom

#noliesdetected

#hilahinangsarilipataas

#huwagplastic

#swagfemaleempire

#nomessinwithmahmoolah

© Ateneo de Manila University

#savageunderneath

BaT ba lgi na lng pkilamero mGa kUltoLicks? Kaya nGA kaMEng nagtItpong magkkpated dahiL Gusto naminG MAGkaisa anG MGA Pinuno nG BANSA! PAyapA at mAAYos ang inilonsAd naM3NG progRAMA. HinDe r1N kam3 nakakasAgaBal sa daaN. Pal3bhasa kas1, aLang problema ang mga kULtolicks sa mga Korap at t3wal1ng lider. mGa walang malasak3t!

****

GULATIN MO YUNG MGA TAONG WALANG BILIB SA'YO. SUMALI KA SA BAGONG HUKBONG BAYAN.

****

Dyahe talagang mangulangot sa dyip 'pag sa likod ng drayber naupo. Di mo lang alam kung anong uunahin mo. Ipahid yung kulangot mo sa nanggigitatang taripa o iabot yung bayad ng ibang pasahero. Hirap talaga ng buhay. Parang life.

© Ateneo de Manila University

GRINDSET MINDSET STORY PARA SA MGA CEO #42071

May kwento ako, mga ka-CEO. Tungkol 'to sa isang kaibigan mula sa dati kong buhay. Tungkol sa sana'y magiging pinakamagaling na writer sa kasaysayan ng Pilipinas. College pa 'ko neto. Sa mga di nakakaalam (kahit ilang beses ko na rin namang nabanggit), malikhaing pagsulat ang kurso ko noon. At sa kurso namin noon, meron lang dalawang uri ng estudyante: 'yung gusto lang makaraos at 'yung mga gusto talagang magsulat pero di nabiyayaan ng talento't sensibilidad. Anu't anuman, malaki ang tiyansa na pulutin kami sa kangkungan kahit makatapos kami. Kasama ako du'n sa unang uri ng mga estudyante. Alam n'yo naman na ang kwento ng buhay ko, mga ka-CEO. Struggle talaga. Sa sobrang hirap ko noon, pati daga gusto akong bigyan ng limos. Pati mga snatcher sa 'min, dala ng awa, pinapabaunan ako ng bente-bente at singkuwe-singkuwenta 'pag natitiyempuhan nila akong dumidilihensya ng sabaw ng sinigang sa karinderya. Pero di tungkol sa 'kin ang kwentong 'to. Tungkol 'to sa isang tropa nu'ng college na talagang hinangaan ko. Robin Iverson Olegario ang pangalan niya. Di siya pasok sa dalawang uri ng estudyanteng nabanggit ko. Di ko alam kung paano ipaliliwanag, pero iba ang landas na tinatahak n'ya. AI siya sa mga kapustahan namin ng RC at ice tubig sa Tatalon na kumakain ng sahig dahil sa mga crossover at hesi niya. Rio naman sa mga kaklase, prof, at mga kakilalang writer. Pero sa 'kin, lalo na pagdating sa mga trippings at kalokohan, siya si Ver. Kung ako 'yung tipo ng estudyante na gusto lang makaraos, si Ver naman ay yung nakakakuha ng mid to somewhat great results without any visible effort. Or 'yun ang akala ng marami. Mukhang cool lang si Ver pero masipag siyang magbasa. Pero kahit na mahilig siyang magbasa, di ibig sabihin ay nakalimutan na niyang mabuhay. Kaiba sa mga grade conscious kong kaklase, relax lang si Ver. Ang mahalaga sa kanya ay mabasa at maisulat kung ano ang gusto niya. Pero kahit na relax lang si Ver, di 'yun nangangahulugan na hinahayaan lang niya ang lahat na dumaan at lumipas. Tulad ng lahat ng mga naging batikang writer sa kasaysayan, may routine at kaayusan sa mistulang sabay-sa-agos na buhay ni Ver. Kung ang daily routine ko bago pumasok ay manghabal (motor ng tropa) ng apat o limang male-late nang ahente ng Alorica para lang me pamasahe at pambaon, simpleng combo lang ng Marlboro black at Cobra malunggay na naka-plastic at tamang tambay sa kubol ng mga sekyu ang trippings ni Ver. Doon n'ya ako madalas hintayin. Madalas ko s'yang abutan dun na kalaro ng chess ang mga naka-off nang sekyu. Bago pumasok sa klase, sasaglit muna kami sa tambayan ng mga org para makadilihensya ng pangkain. Dahil medyo may itsura, madali kaming makahingi sa mga chikay at bakal. Kapag bakal ang kausap niya, pinapayagan niya pang umakbay. 'Pag chikay naman ang binobola ni Ver, lagi niyang binabati ang bagong manicure na kuko o rebond ng kausap. Pag nakaipon na kami ng sisenta o sitenta, rekta na kami sa karinderya sa labas ng riles para tsumibog ng malamig na bopis at

© Ateneo de Manila University

mapapanis nang ginataang papaya. May pagkakataon pang nakakaawit kami ng ilang hiwa ng bagnet (na puro taba) kapag nataong buenas sa OTB Kabayo ang may-ari. May "uniform" din itong si Ver. Sa mga normal na araw, parang Jao Mapa na medyo chubby ang pormahan n'ya: puting t-shirt, maong jacket, straight cut na Wrangler, at high-cut na K-Swiss. Kapag naman me dadayuhin kaming okasyon, parang ahente naman ng insurance ang bagsakan niya: maroon na long-sleeves, medyo makintab na slacks, at medyo charol na Oxfords. Madalas na bungad n'ya sa 'kin, lalo na 'pag kapansin-pansing wala pa 'kong kain, ang: "Ano, p're, lapagan natin 'yung launch ng libro ni Gemino Abad sa may Trellis. Siguradong me pakain dun." Di naman ako mahiyain, pero di ko kaya ang kapal ng mukha at kumpiyansa ni Ver. Lagi siyang may katanguan at kakilala sa mga ganap na nilalapagan namin. Di rin niya pinalalampas ang pagkakataon na magtanong sa mga forum, seminar, book talk na gine-gatecrash namin. Ang katwiran niya, meal pass namin ang aktibong partisipasyon niya sa mga Q&A session ng mga dinadaluhan naming events. Kapag nataon na me kopya siya ng libro ng guest author o speaker, matik na magpapakuha siya ng picture at makikipagkuwentuhan saglit. "Book diplomacy" ang tawag niya sa gawain niyang 'yon. Ang sabi pa n'ya, sa kahit anong larangan, lalo na sa pagsusulat, mahalaga na marami kang kakilala. Ganun din naman paniniwala ko. Kahit hanggang ngayon. Mahalaga talaga ang kuneksyon. Minsan nga, mas mahalaga pa ang mga "kakilala" lang kaysa sa mga taong napiprisinta bilang mga kaibigan mo. Madalas, itong mga itnuring pang kaibigan ang mang-iiwan sa 'yo. Pero 'yun nga, hanga ako sa tapang at kumpiyansa niya. Noong panahong iyon, gawa ng kalagayan ko, lagi akong kimi at nakatungo kapag nakikipag-usap sa kung sinong may sinasabi sa buhay. Maangas ako sa internet, oo, pero sa totoong buhay, tulad ng madalas puna ng bashers ko, lowkey lang ako. Pero alam n'yo na yun. Kilala n'yo na 'ko. Pero si Ver, hindi pa. Marami siyang naituro sa 'kin. Bukod sa kahalagahan ng mga kakilala at kuneksyon, sa kaniya ko rin natutuhang kumilatis ng tao, sitwasyon, mga posibilidad, at ng pambihira sa mga araw na tigib sa karaniwan. Kung sino mapagpanggap at kung sino ang totoo. Kung sino ang handang mamatay para sa 'yo at kung sino ang ilalaglag pati nanay sa panahon ng kagipitan. Kung sino ang mga may paninindigan at kung sino ang mga hunyangong walang isang salita. Kung kailan dapat pumalag at kung kailan dapat kumalma. Kung kailan dapat maghilamos ng pagpapakumbaba at kung kailan dapat lumagok ng kumpiyansa. Kung kailan dapat makinig sa payo ng taxi driver tungkol sa masarap na tapsihan at kung kailan dapat barahin ang mga kupal na Inglisero sa resto. Kung paano ang pandiinang push cross at hesi pull na combo at kung paano naging Caloocan ng Central Asia ang Tajikistan. Kung paano magpalamig ng beer sa ilalim ng dagat at kung paano maglinis ng lengua ng baka. Kung paano dumiskarte ang mga pusakal sa oblo at kung paano magmahal ang mga solterang matrona. Kung bakit tanga ang mga nabobolang sumali sa networking at kung bakit tama sina Marx, Lenin, at Mao. Kung bakit si LeBron James ang kauna-unahang industry plant sa NBA at kung bakit Pilipinas ang tunay na Area 51.

© Ateneo de Manila University

Kung bakit hindi dapat nagbabaliktad ng damit sa tuwing naliligaw at kung bakit hindi kupal ang mga taong marunong humindi. Kung ano ang sikreto ng mga gwapo (na hindi galing sa Master by Eskinol) at kung ano ang tunay na pangalan ni Mystica. Kung ano ang halaga ng mga salita at kung ano ang ilusyon ng imortalidad. Kung ano ang kayang ibigay ng panulat at kung ano ang kinukuha nito mula sa atin. Sa pagitan ng mga bagay na 'to ay ang maraming basyo ng Red Horse na tinungga at ihinampas namin sa mga kupal na nakaharang sa aming daan. Limang taon kaming halos araw-araw magkasama sa lahat ng klase, basagan, rambulan, poetry reading, grand pakain, workshop, rally sa Mendiola, at maraming pang ibang ganap at eksena. Pero nang maka-graduate kami, bigla ko na lang siyang hindi makontak. Kahit pumoste't mag-abang ako sa mga dati naming tambayan, pero wala akong nahagilap ni anino niya. Sinubukan kong magtanong-tanong sa mga kakilala namin, pero wala ni isa kanila ang may alam kung nasaan na siya. Dahil wala rin masyadong digital footprint maliban sa luma niyang Multiply at Facebook account, bigo din ang paghahanap ko sa kanya sa interwebz. Tinanong ko rin 'yung mga sinasama-samahang niyang mga tibak, pero blangkong tingin lang ang isinukli nila sa 'kin. Kahit 'yung kakilala ko sa militar ay kamot sa baba at ulo lang ang tugon sa aking pagtatanong. Bagaman malungkot dahil nawalan ng tropang kasundo't kasabayan sa lahat ng trip, mas napangingibabawan pa rin ako ng pagkalito sa sirkumstansya ng kaniyang pagkawala. May pagkakataon tuloy na napapaisip ako kung ganun na lamang ba kadali para sa isang tao na mawala sa buhay ng iba. Na posible palang talikuran at iwanan ang mga bagay na nagbibigay sa atin ng kasiguruhan at kumpiyansang harapin ang mga darating na araw, buwan, at taon ng pagsubok, kabiguan, tagumpay, lungkot, at saya. Drama ampota. Tulad nga ng sinabi ko sa taas, hindi ito tungkol sa akin. Pero mahirap ring hindi bumalik sa akin ang kuwentong 'to dahil ako na lang yata ang interesado sa kinahinatnan ni Ver. Kaya naman hanggang ngayon, habang tinatype ko ang lahat ng ito, napapatanong pa rin ako: paano ko tatapusin ang isang kuwentong matagal na akong nilisan?

Real talk lang, mga Ka-CEO. Real motherfuckin' talk

#isangkaibigan

#kuwentongbuhay

#collegelife

#rideordie

#onlyOGsknow

© Ateneo de Manila University

****

Sabi ko…

"Baby, late 20's ka na, ano na ang plano mo sa buhay?"

Wala pa raw. Hindi pa raw siya sure.

Sagot ko "Okay lang yan! Ako rin naman."

33 na ko ngayon. Napakarami ko nang pinagdaanan sa buhay.

Nakulong na ko.

Nang-scam ng maraming tao. Well, can't do anything about it. Tanga sila e.

Nakasuhan ng harassment dahil nag-Atomic Bomb joke sa Nagasaki at Hiroshima. Again, wala akong magagawa kung butthurt at madaling ma-offend ang mga Hapon.

Maraming beses umattend ng hearing dahil sa kasong istafa .

Nahatulang guilty.

Nagtago at naging pugante. Natago sa ibang bansa.

Nag-apply ng political asylum. Nareject. Nag-live para makakuha ng simpatiya. Na-bash.

Na-deport. Muntik ma-involve sa human traficking ring.

Na-knock ni Jake Paul sa Influencer vs Influencer boxing match

Nagtayo ng maraming negosyo at kumpanya. Legal at ilegal

Nalugi. As in luging-lugi. Buti na lang walang IRS sa mga bansang pinuntahan ko.

Paulit-ulit na-bankrupt.

Nabaon sa utang PHP 40 million. Naging chief of staff ng politiko para makalikom ng pondo

© Ateneo de Manila University

Tinurang "maglinis" ng pera ang mga politiko

Nagkaroon ng ex na nag-cheat.

Nagkaroon ng dalawang panganay.

Nakilalang scammer sa buong bansa. Ginawang meme ng mga teluk sa social media

Nagbagong-buhay at bumangon. Naging pastor. De joke lang.

Sumikat at nagkapangalan. Marami pa ring bashers at haters. Oks lang.

Naging multimilyonaryo. May sariling crypto.

May libro tungkol sa aking rags-to-riches story.

Nakatanggap ng death threats. Galing sa mga politiko, inggit na influencer, haters, mga ex

Naghirap sa Pinas at abroad. Kumakain ng tira sa mga Chinese resto.

Nalayo sa pamilya. Tinakwil ng tatay. Iniiyakan ng nanay.

Nagbisyo. Naadik sa cocaine. Humithit ng toothpaste at thinner.

Nagpa-rehab. Nakaroksi sa mga sexy na nurse.

Nakipag-live in ng tatlong beses. Ilang beses nahuli ang mga

Nag-alaga ng maraming babae.

Nakapundar ng maraming lupa at condo. May blow-up doll in Nayeon.

Nagkaroon ng sariling online casino. May shares sa online sabong.

Nakapag-travel to more than 85 countries.

Nanirahan sa iba't-ibang bansa.

Nakulong sa iba't ibang bansa.

May bestfriend na artista

© Ateneo de Manila University

At marami pang iba na hindi ko na lang binanggit.

At the age of 33, napakarami ko nang karanasan.

Sa kabila ng lahat, hindi ko pa rin alam hanggang ngayon kung ano ba talaga ang gusto ko. Kung ano ba ang mga susunod kong hakbang sa personal kong buhay.

Magjojowa ba ako?

Mag-aanak pa ba ako?

Saang bansa ko ba talaga gusto tumira?

Mag-aaral ba ko sa Korea?

Magpapakasal ba ko sa Latina?

Magnenegosyo ba ko sa Dubai?

At marami pa kong katanungan sa aking sarili na walang kasagutan!

I realized that life is not about knowing the path that you want.

Na kung hindi mo pa ma-figure out yung gusto mong gawin sa buhay, it's okay. Hindi mo kailangang ma-pressure.

Hindi ka nag-iisa. Lahat tayo.

You are not lost.

You are not left behind.

Life is all about living.

Just go with the flow.

Hindi mo kailangang planuhin ang lahat.

Live life at huwag mong tignan ang buhay ng iba. Eguls ka dun.

Let the universe figure it out for you. Don't try to figure out the universe.

© Ateneo de Manila University

In God's perfect time, you will be in the perfect place na kailanman ay hindi mo inexpect sa buong buhay mo.

Enjoyin mo ang lipad at huwag problemahin kung saan ka ba lalanding.

***

We love and support LGBT! L for longneck. G for gobasan. B for bebot. T for totnak.

***

FILIPINO TRIVIA:

Mabibigla ba kayo kung sasabihin kong maling gamitin ang salitang "ti·kím" para sa mga likidong pagkain? Ang angkop salita ay "nam·na·min". Habang "lang·háp" ay salitang Filipino para malasahan gamit ang pang-amoy. Paano kung sabihin ko rin sa inyo na ang tinatanggap nating kahulugan ng "papak" ay mali. Na ang "papak" (png.) ay hindi nangangahulugan "pagkain ng ulam ng walang kasamang kanin o tinapay" kundi "pagkain ng anomang pagkain gamit lamang ang bibig." Alam ninyo rin ba na ang salitang "magnanakaw" ay hindi nangangahulugang "tao na kumukuha ng bagay o gamit na hindi niya pagmamay-ari"? Na ang tunay na kahulugan ng magnanakaw ay "taong laging sinisiraan ng mga kritiko, ngunit mahal na mahal pa rin ng mas nakararami." Ngayon alam ninyo na.

#buwanngwikangFilipino

#buwangnawika

#buwangangwika

#MarcosMagnanakaw

© Ateneo de Manila University

***

LF: KASABAY NA TATAWID SA MATAAS NA OVERPASS MALAPIT SA MRT KAMUNING

***

THE PHILIPPINE LEFT IS SO HOPELESS (AND YES, I DID NOT STUTTER)

E ginagamit lang naman talaga ng mga ND ang mahihirap; I've proven that in my disseration about CPP's betryal of the working class while conceding that normalizing that the Marcos did some good things is like the most radikal-ang-magmahal-charged revelation of the century, that anyone who thinks otherwise does not think at all, and therefore is not pink, lalo na 'yung mga BoBotante who voted for Duterte and his ilk in 2016 and 2019 , Twitter clout chasers na hate ang LP, and those Duterte-enablers from Makabayan Bloc na nakikiangkas lang naman ngayon sa Leni-Kiko gravy train--#LetLeniLead—at yung mga petty supporters ni Ka Leody (what does "Ka" even mean?) na hindi naman natin alam kung talagang manggagawa kasi nga may corgi at kumakain sila nang nakakubyertos, na ang hilig pang magpatutsada tungkol sa maputlang spaghetti, tapos misogynistic pa kasi kinukumpara nila si Leni—yes, I think, therefore I am pink, hadouken!—kay GMA at Cory; e if that's the case, ano pang pinagkaiba nila kay Duterte na misogynistic, na minamaliit ang mga babae dahil babae sila, palibhasa puro sila pabagsakin ang pasismo, labanan ang neoliberalismo, at wakasan ang kotraktuwalisasyon; they're not empowering, don't they know na panahon na ngayon ng empowerment (gender empowerment; genitalia empowerment); puro kasi sila negative, walang postive campaigning--#AngatBuhayLahat—kaya wala silang naipapanalo; they just know how to hate, parang yung mga aktibistang nadaanan ko sa Commonwealth while I was driving, punching their fists in the air while waving commie flags, shouting slogans of freedom habang lalo kaming nasta-stuck sa traffic (like duh, kami kaya ang palayain nila from the bad traffic), and conducting programs in what Joseph Scalice, mah super fave scholar, calls "Stalinist Tagalog," tapos nagsusunog pa ng effigies while ironically indulging themselves with Coke Float from Mcdo (can't they at least use metal straws); the audacity talaga, I just cannot with these people, kaya minsan I can't help but agree with some of my educated friends who are BBM supporters e (again, repeat 10x: radikal ang magmahal): that it's the commies who are the real problem, kasi instead of thinking of solutions, all they do is rally; workers get laid off (which, mind you, is an everyday reality in this economy), rally na agad; may inflation, rally na naman; gas prices go up, rally pa rin; may bagyo,

© Ateneo de Manila University

rally habang nakapayong; may mamatay na journalist, magsasaka, o labor leader (na baka mga NPA naman talaga), rally to the max and until the ends of the earth pa rin (na may kasama pang prayer vigil); e parang lalagnatin yata sila 'pag hindi sila nag-rally; they don't want to compromise, they don't want reforms; gusto nila, tulad ng mga DDShits na naniwala sa pambubudol ni Duterte, mabilisang pagbabago, yung madugo at walang pinakikinggan, kaya mga wannabe tankies din sila at unapologetic supporters ng armed struggle, ng rebolusyon, kaya when you check out their socmed profiles (na sobrang loser kasi halos walang following at almost zero ang engagement ng posts), puro commie LARPing at pangsta-stan sa Cuba and other commie states with atrocious human rights records, kasi nga, they're all about pointing out problems, pero unrealistic naman ang solutions; they wanna overthrow the government, the system, instead of working within and around it; e kung hindi ba naman sila mga delulu at lerler; kaya lalo kong na-appreaciate sina Queen Leni, Risa, Chel, and other decent candidates in this upcoming elections e—they can rise above the hate, hindi self-righteous, and most important of all, they don't sound like they wanna take your head off; e yung ibang kandidato, kung hindi trapo tulad nina Marcos, lagi namang galit tulad ng mga kasamahan at supporters ng misogynistic na si Ka Leody, na tbh ay sinuportahan ko noon (especially when he ran in 2019), kaya lang he had the audacity to go after Leni e panggap din naman siyang malinis (may corgi nga e); tapos andyan pa yung mga oportunista from Makabayan na galit sa mga Marcos at Villar, pero nakipag-alliance naman sa kanila noong 2009, na right now ay pinipilit makuha ang endorsement ni Queen Leni (so pathetic talaga, pero again, I repeat 10x: radikal ang magmahal) pagkatapos nilang tawaging AbNoynoy si PNoy who, mind you, was the best president our country ever had (I mean, just look at our GDP during that time); buti na lang talaga mabait si Queen Leni at ang maraming kakampinks, pero ako and some others, we will never forget their support for and alliance with Duterte in 2016; they had the audacity to complain na sila ang target ng ATL at NTF-ELCAC, e sila naman ang naglagay kay Duterte sa posisyon; tama talaga si Leloy Claudio, who btw is super hot (apakan mo ako, Leloy, huhuhuhu), when he said commies are stupid; I mean, you know, he really gets it (coz he's pink, therefore he thinks); di tulad ng mga bobotante na sina BBM, Jinggoy, Robin Padilla at iba pang trapo o artista ang iboboto; kaya naman I really don't care if people call me matapobre or whatever, pero kailangan talagang i-screen ang voters; dapat yung mga educated lang o walang history ng pagbebenta ng boto ang pwedeng maka-register; or kung di naman, dapat talaga i-educate ang lahat ng voters bago sila makapag-register; that way, our government will be rid of corrupt, incompetent, stupid, and morally-bankrupt goons, and instead, ang papalit ay mga disente, competent, intelligent, and democratic leaders--#LetLeniLead—and the Philippines will finally be on track, just like in Pnoy's term, to finally achieve progress, at kung may reklamo pa rin ang Makabayan Bloc at mga aktibista (kasi diyan naman sila consistent) sa termino ni Queen Leni, I'm quite sure na hindi naman sila ipaliligpit; we'll just

© Ateneo de Manila University

tolerate their persistent and annoying "imperyalismo ibagsak" while we gain the trust of more MNCs to do their business in the Philippines; we'll just laugh seeing them pushing for GARB while we watch Queen Leni and her administration give dispossesed farmers new jobs in newly-built resorts, theme parks, and malls in reconverted lands; and since Queen Leni is all ears, I'm confident that she'll gain the confidence of the AFP, at mas magiging comprehensive ang counter-insurgency campaign; mawawala na rin ang mga salot na NPA, and big mining companies (este MSME pala) will be able to operate without being fleeced for revolutionary tax, and with them out of the way, maybe hindi na pipe dream na isiping we can be the next Singapore, that we can be one of the economic leaders in Southeast Asia; but I guess I'm thinking too far ahead, ayaw naman nating maging mayabang tulad ni BBM at ng mga bobo niyang supporters; hindi rin naman dapat i-dismiss agad ang alliance with Makabayan and other commie groups kasi may bilang naman sila, tapos madaling scapegoat at fodder when shit hits the fan at manalo si Marcos, while we go back to our productive lives hustlin' and grindin', or heck, go to the U.S. and settle there forever coz why not (I miss avocado toast!), kaya naman in the meantime, I have to remind myself na, like God and Jesus, we have to love our enemies, na radikal ang magmahal, radikal ang mag-educate, radikal ang Facebook at Twitter, radikal ang isama sa senatorial slate ang mga kandidatong kilalang may record ng corruption at pandaraya, radikal ang ietsapuwera ang Makabayan Bloc at iba pang grupo na ipinaglalaban ang interes ng mga masagsasaka, manggagawa, maralitang taga-lungsod—ng karaniwang Pilipino, radikal ang pink, radikal ang lugaw, radikal ang reporma, radikal ang AFP, radikal ang sumuporta sa mga palisiyang neoliberal, radikal ang gawing buzzword ang reporma at proseso, radikal ang audacity, manifest, at normalize, radikal ang ipagsigawang best president ever si PNoy, radikal ang pink poetry (lalo na 'pag kasama ang tula ng mga dating signatories ng COWARD Manifesto), radikal ang makipagdiyalogo sa NTF-ELCAC, radikal ang sabihing ginamit ng NPA ang mga magsasakang minasaker sa Kidapawan noong 2016, radikal ang 4Ps, radikal ang PPP, radikal ang pasismo 'pag malumanay ang boses at hindi palamura ang nagpapatupad, radikal ang Oplan Bayanihan, radikal ang eleksyon, radikal ang endo at kontrakuwalisasyon, radikal i-cancel si Toni Gonzaga pero hanggang du'n lang, radikal ipatanggal sa trabaho ang mga sekyu, taxi driver, o Shoppe Delivery boy dahil DDS, radikal ang hadouken, radikal sina Bimby at Kris Aguino, radikal ang CARP, radikal ang kontra-insurhensiya, radikal ang Liberal Party, radikal ang imperyalismo, radikal ang U.S., radikal maging liberal.

#radikalangmagmahal

#letlenilead

© Ateneo de Manila University

#youheardmeright

#Halalan2022

#notopoliticalopportunism

#notoBayadMuna

****

ANNOUNCEMENT MGA DZAI! HAKOT EKALAL META PATCH 4.2.69 IS OUT!

MALAPIT NA BER MONTHS MGA DZAI. HETO NA ANG UPDATED PATCH PARA SA MGA NAGHAHANAP NG LAMBING:

-in pa rin ang tank top (yung medyo labas dede), pero piliin yung pastel colors

-out na ang manic pixie girl; in na 'yung gamer-streamer girl na pakak na pakak ang make-up; kung may budget, mas pak ang "no make-up" make-up.

-in pa rin ang pagiging cat mom; out na ang pag-aalaga ng guinea pig

-tigilan mo na 'yung paggamit ng "dude" at "bruh" sa chat; i-retire na rin please ang "charaught" at "char"

-bullish ang Kim Chui kanalan school of communication; bearish naman ang Nadine Lustre "it's [insert year]" ebasans.

-best build pa rin yung GBF (girl best friend) na kaladkarin, kamukha ni Danielle ng New Jeans, fan ni LeBron, at handang mag-overnight everytime

-new build: Swiftie-ARMY hybrid na tambay ng Poblacion at nagbabasa ng Ocean Vuong at Jordan Peterson. Budget meal alternative: Bloom-A'TIN hybrid na nakasubaybay sa content nina TPC at Petra Mahalimuyak.

© Ateneo de Manila University

-nerfed build: GBF na tomador, nakikinig ng Typecast at Red Jumpsuit Apparatus, at "i woke up like this" ang tanging laman ng lookbook.

****

SKL: PANSIN KO LANG LALONG PUMOPOGI ANG GUY KAPAG NAKABATAK

****

Top 10 Names para sa Generation Beta Babies

1. Rizztopher Limbics Dumadapat
2. Tropiko Diwata Guo
3. Elon Peterson Macabodbod
4. Coveed Bryant Malapitan
5. Kamada Harris Robredo
6. Jungkook Brownlee Marcos
7. Freya Palestina Padilla
8. Urge Algorithm Jennings
9. Jose Cryptologo Quibolloy
10. Denise Manggi Manalo

Note: Pak pa rin ang mga pangalang may "h" na pwedeng wala namang "h" (hal., Jhun, Lhen, Jhoannah, at Bhoy). Efas pa rin ang mga palayaw na inuulit at/o tunog doorbell (hal, Jhun-Jhun, Dingdong, Lhen-Lhen). Medyo bullish na tayo sa mga pangalang nakabatay sa teksbuk natin sa Filipino noong elementary (hal., Ulap, Sinag, Mithi, Dagat).

© Ateneo de Manila University

GRINDSET MINDSET STORY PARA SA MGA CEO #42072

Medyo matagal na 'tong kuwentong 'to. Mga 6 years ago siguro. Wala pang Willie "CEO lang Ako" (parang "sa 'yo lang ako") Cruz brand. Wala pa 'yung binebenta kong overpriced na cap at shirt (na di ko alam kung bakit binibili n'yo pa rin, mga hindot kayo). Wala pang shady gambling apps na nagbibigay sa akin ng malaking ad revenue. Wala pa ang six-figure consultancy fee na sinisingil ko sa mga desperadong creators. Wala pa yung na-spit kong maangas at panggibaang diss tracks laban sa haters ko. Wala pa ang weekly live para makakubra ng donations mula sa viewers. Wala pa ang active na subReddit ng followers ko. Wala pa ang inbox sa messenger na napupuno ng messages. Wala pa ang mga chick na gustong magpaalaga at magpabasbas. Wala pa ang podcast ko kung saan ini-inspire ko (basahin: pinangangaralan) ko ang mga tao na mabuhay nang masaya sa isang hellscape tulad ng Pilipinas. Wala pa ang lahat-lahat ng tinatamasa ko ngayon. Ang meron lang ako noon ay drive. Ang meron lang ako noon ay idealismo na dahan-dahan ko ring tatalikuran. Ang meron lang ako noon, 6 years ago, ay yung pinaniniwalaan kong kakarampot na talento ko sa pagsusulat. 6 years ago, fresh grad ako ng kursong Malikhaing Pagsulat. At sa totoo lang, tulad ng lagi kong naririnig sa mga kakilala kong walang alam at pakialam sa pagsusulat, hindi ko talaga alam noon kung anong magiging buhay ko. Kung anong pwedeng maging career ko. Kung mababuhay ba ako dahil sa pagsusulat. O kung may silbi ba ang mga sinulat at isusulat ko. O kung mauuwi ako sa mga trabahong wala namang kinalaman sa tinapos ko. Mga trabahong taliwas sa mga prinsipyong idinikdik sa 'kin ng mga propesor kong di rin naman mailakad sa totoong buhay ang kanilang mga angas. Shit jobs, ika nga nila. Shit jobs with shit pay for a more or less shitty life. Pero ano bang choice ng mga tulad ko? Mawawala ang balanse mundo kung walang magma-manage sa mga shit at tae na itinatae nito. Di naman na bago 'to. As you all know, galing din ako sa wala. At kapag galing ka sa wala, nakatakda ka maging tagapulot, tagahubog, at taga-recycle ng mga tae at shit ng lipunan para ipakain ito ulit sa mga taong itatae ulit ito para pagkakitaan mo. 'Pag galing ka sa wala, natural na iikot talaga ang mundo mo sa pamemera. Kahit na puro shit at tae pa ang mundo. Pero ayun, gusto ko rin kasi talagang magsulat. Alam kong may talent ako du'n. Charaught. Kaya kahit alam kong medyo risky, sinunod ko pa rin ang puso ko. Malikhaing pagsulat ang kinuha kong course. At kapag galing ka sa wala pero may pangarap ka, matik na hahanapan mo ng paraan na mapagkakitaan itong passion-passion na ito na sinasabi ng marami na walang patutunguhan. Pero naging mahabang proseso itong pagre-reconcile ko ng sariling passion at pangangailangan kumita ng pera. Umabot pa sa point na kailangan kong i-unlearn lahat ng literary theory at iba pang pretentious bullshit na natutunan ko mula sa mga prof kong naglalabas ng mga librong wala namang nagbabasa. Naaalala ko pa 'yung isa sa kanila na masyadong obsessed sa literary institutions. Lahat na lang ng kuwentong naisulat niya ay tungkol sa mga bitter at unsuccessful na manunulat.

© Ateneo de Manila University

Mula noon at hanggang ngayon, di ko talaga magets yung trip ng prof ko na 'yon. Sa isip ko noon, ganu'n ba talaga ka-out of touch sa lipunan ang mga writer sa Pinas? Sobrang masokista ba talaga nila na nagagawa nilang magsulat tungkol sa failure ng mga "legit writer" kuno na makahatak ng readers? Medyo ganyan din 'yung ugali at trip ng naging thesis adviser ko. Oo, masaya ako na di niya binasag yung trip kong topic na "pagsusulat sa at para sa internet," na hinayaan niya ko, so to speak, na gawin kung anong gusto ko, pero alam ko ring sa loob-loob niya, aminin man niya o hindi, hinuhusgahan niya ang panulat ko. Na iniisip niyang nasasayang ang talento ko para isang topic na wala namang saysay. Pero 'yun nga, wala naman kasi akong luxury na magsulat tungkol sa sinasabi nilang "mahahalagang paksa." Di ako mapapakain ng pagsusulat tungkol sa jakulerong Hegelian o mga rebolusyonaryong biglang tumitira ng tsongki habang nasa sonang gerilya. Kung gusto kong kumita ng pera at magpatuloy sa pagsusulat, kailangan kong mabuhay sa totoong mundo. And it just so happens na sa kasalukuyan, nasa social media na ang pinakatapat na approximation at simulation ng totoong buhay. In other words, nandito ang mga ganap. This is where the shit happens. Minsan ko nang naikuwento kung saan ako nagsimula. Pero di pa buo ang naikuwento ko. Kaya ngayon pa lang e humihingi na ako ng dispensa kasi hindi ito magiging singreadable ng mga usual kong posts. If anything, this will (or already) resemble(s) how most of my profs write: paligoy-ligoy, maraming angst, pa-high art, galit sa mundo, insecure, at self-loathing. Let me take y'all back to where I started. Tulad ng sinabi ko, this was 6 years ago. Kahit laos na nung panahong yun, emo-emo pa ang pormahan ko nu'n. Idol ko kasi sina Ronnie Radke ng Escape the Fate at Craig Mabbitt ng Blessthefall. Buhok na parang dinilaan ng baka, skinny jeans, studded bracelet, black statement shirts, you know the works. But I digress. Balik tayo sa kuwento ko. Moderator ng "edgy" pages ang nagsilbing unang writing gig (kung matatawag ngang writing ang ginawa ko dun) ko sa socmed. Dalawang page ang mag-isa kong mina-manage noon. Halos mga isa't kalahating taon siguro 'yon. Madali lang naman ang trabaho ng isang moderator. Kung tutuusin, halos walang pagsusulat na nagaganap du'n. Bukod sa mga anunsyo at pagpapaalala sa members na sumunod sa posting guidelines, wala naman na akong ibang mabigat na tasks. Pero minsan, during slow days, lalo na kung ang talagang goal ng totoong owner ng isang page o forum ay ibenta ito sa iba, we try to keep things moving kumbaga. Naaalala ko pa yung pangalan ng page: "Kormbip Scenes para sa Feeling Progressive na Teens," na tinawag na "kormbip" kasi mukhang corned beef yung itsura ng entrails ng mga NPA na nadededo sa mga engkuwentro. Konsehal na naghahanap ng clout ang isa sa mga nagpondo ng page. Sa isip ko, pihadong na-inspire to kay Kiko Barzaga ng Etivac. Simple lang naman ang content ng page. Basically, pinagtitripan at tinitrigger lang namin 'yung mga g na g na kabataang tibak. At sa totoo lang, madali lang silang asarin. Mag-post lang kami, halimbawa, ng picture NPA (preferably dating UP student at naging writer) na namatay sa isang engkuwentro, siguradong iiyak na sila nang may kasamang (self)-righteous indignation. 'Yung tipong

© Ateneo de Manila University

magko-comment pa ng "Galit na galit kayo sa aktibista, pero sabik naman kayo sa pakinabang!" o kaya "Hanggang internet lang naman kayo edgy e." Mga iyakin ampota. Hahaha. First of all, hindi namin sinabing ipaglaban n'yo kami. Sa Pilipinas, diskarte, koneksyon, at swerte lang ang paraan para maging successful. Walang patutunguhan 'yang pagiging aktibista. Gutom at sakit sa ulo lang ang dulot niyan. 'Yung mga prof ko nga lang e. Marami sa kanila ang aktibista, o nagpapanggap na aktibista. Pero sa totoo lang, kung iisiping mabuti, wala naman talaga silang ambag sa pag-unlad ng Pilipinas. Sagabal pa nga sila kung tutuusin. Bukod sa mga punong nasasayang dahil kailangan pang isapapel at ilathala ang mga madadrama nilang tula tungkol sa mga "ipinaglalaban" nilang magsasaka at manggagawa, wala na silang ibang alam gawin. Pangalawa, at ito ang talagang di nila maintindihan, kaya nga kami nasa internet e. Kung di ka edgy at asal kupal sa internet, it just means that you're not using the platform right. Kung napipikon ka dahil sa dank and edgy posts, hindi para sa 'yo ang internet. Itatanong n'yo siguro ngayon: "Boss Willie, kung nakapag-aral ka pala sa university at napapaligiran ng mga aktibista, bakit ayaw n'yo sa kanila?" I have three reasons. Una, hindi ako naniniwala sa politika nila. Don't get me wrong, ayoko sa mga kurakot na politiko (pero kapag boss ko sila, siyempre no problem) at gusto kong mawala ang kahirapan, pero di talaga ako naniniwala sa armadong pakikibaka nonsense na isinusulong nila. Imbis na makatulong sa mga tao, malinaw namang abala at salot lang ang mga aktibista. Sa panahon ngayon, di na uso yung paggamit ng karahasan para makamit ang pagbabago. You have to be sick in the head to believe in an ideology that promotes and condones violence. Pangalawa, ayoko sa mga aktibista kasi hipokrito sila, lalo na 'yung mga naging kaklase ko sa university. Yung iba diyan, nagiging aktibista lang kasi wala silang sariling identity. 'Yung tipong walang friend group kaya sa aktibismo hahanapin ang barkda. Inang yan. Mga ulol din e, 'no? Yung iba naman sumasali lang para makapasok sa student orgs at may mailagay sa CV. In short, mga oportunista. Di naman talaga sila naniniwala sa rebolusyon. Gusto lang nilang magamit yung label na"progressive" para makaposisyon sila sa buhay nang mainam-inam after college. And finally, di ako malalagay sa posisyon ko ngayon kung di dahil sa pangto-troll ko sa mga aktibista. Walang Willie "CEO lang Ako" Cruz kung wala ang mga naunang socmed pages na pinatakbo ko. Walang Willie "CEO lang Ako" Cruz kung di ko "winorkshop" yung content ng mga "alpha male" pages para mabisang mapatamaan yung mga babae at lgbt na nagtitibak-tibakan sa Meta at X. Walang Willie "CEO lang Ako" Cruz kung di ko binenta sa NTF-ELCAC yung mga pinatakbo kong pages tungkol sa financial literacy at prosperity gospel. Walang Willie "CEO lang Ako" Cruz kung di ko pinauso yung "gulatin mo sila…" template sa mga socmed posts. Walang Willie "CEO lang Ako" Cruz kung tinuruang magsulat ng engaging/triggering posts sina Imperial Patriarch, Donnalyn Bartolome, Page ni Ato and Friends, at admins ng CoRRECT Movement. Walang Willie "CEO lang Ako" Cruz kung hindi ako nag-conduct ng writing workshop para sa mga bagong graduate ng PNPA at mga graduating na estudyante sa iba't ibang Criminology

© Ateneo de Manila University

schools sa Pinas. Dahil sa mga workshop na 'yun, mas naging engaging at viral ang dating humorless pages ng PNP at iba pang socmed pages na may parak-related content. Walang Willie "CEO lang Ako" Cruz kung di ko tinuruang maging pambansang Marites ng Meta at X si Xian "nyeam" Gaza. Walang Willie "CEO lang Ako" Cruz kung walang mga skwating at uhuging rapper na nagpapa-ghoswrite sa 'kin ng mga diss track na tungkol sa perang di naman sa kanila, mga babaeng gusto nilang maiskoran, at rap career nilang non-existent. Walang Willie "CEO lang Ako" Cruz kung walang young celebrity (karaniwan, starlet), influencer, o kung sinomang nakikipagsapalaran sa ekonomiya ng atensyon ang nagpapasulat ng public apology para sa mga katangahang nagawa, ginagawa, at gagawin nila sa loob at labas ng social media. Nagsimula ako sa kormbip content at ngayo'y inaani ko na ang lahat ng pagkilala't tagumpay. Kung CDO corned beef lang ang kaya kong kainin dati, ngayon kaya kong lantakan araw-araw yung homemade corned beef sa breakfast buffet ng Balay Dako. Kaya naman kahit na ayoko sa mga aktibista, ayoko rin silang mawala dahil sila ang rason kung bakit successful ako ngayon. If it weren't for their salty tears, I wouldn't be where I am today. Kaya sana magtagal pa ang digmang bayan para laging may trabahong ibibigay sa akin ang kung sinong ahensya na in-charge sa counter-insurgency at propaganda ng gobyerno. Dumami pa sana ang mga aktibista para mas lalong dumami ang mga batang tibak na pwede kong asarin. Dumami pa sana ang mga aktibista kasi kahit corny sila, kaya nilang gawin at panindigan yung mga bagay na di ko na kayang panindigan. Dumami pa sana ang mga aktibista kasi kahit na masyado silang idealistiko, kaya nilang maniwala na hindi mga sanrekwang pakshet ang mamamayang Pilipino. Basta sana dumami pa sila. Kasi 6 years ago, bago pa pumutok ang Willie "CEO lang Ako" Cruz brand, isa ako sa maraming tagamasid—nakatambay sa overpass at tinitiis ang sikat ng araw habang tinitipid ang sampung pisong gulamang pamatid-gutom at uhaw ko sa araw-araw—tuwing may malaking mob o rally na napabubulong sa sarili na, "Balang araw, kapag may sapat nang lakas ng loob, magiging bahagi rin ako ng tunay na hukbo ng pagbabago.

Real talk lang, mga ka-CEO. Real talk.

© Ateneo de Manila University